**Mensahe para sa Internasyunal na Araw ng Sayaw 2014**

**Salin sa Filipino ni Dr. Arthur P. Casanova**
**ng Mensahe ni Mourad Merzouki**

Ipinagmamalaki ng bawat artist ang kani-kanilang sining.

Ipagtatanggol ng bawat artist ang anyo ng sining na nakapagpabago sa kanyang buhay.

Para sa kanyang hinangad at naglaho at para sa mainit na pagnanasang magbahagi; ito man ay alingawngaw ng tinig, ng natuklasang salita, ng isang interpretasyon ng isang texto para sa sangkatauhan, ang musika kapag nawala ay titigil daigdig sa pakikipag-usap sa atin, o ang aksyong nagbubukas ng pinto para masaksihan.

Sa sayaw, hindi lamang pagmamalaki mayroon ako sa isang mananayaw o koryograper, kundi labis din akong nagpapasalamat. Ang sayaw ang nagdala sa akin sa suwerte. Naging etika ko ito sa kapangyarihan ng disiplina nito at naglaan ng mga paraan upang matuklasan ko ang mundo araw-araw.

Higit na malapit sa akin kaysa sa ibang bagay, nagbibigay ito sa akin ng lakas bawat araw sa pamamagitan ng enerhiya at kagandahang-loob na tanging sayaw ang nakagagawa. Ang panulaan nito ay nagbibigay sa akin ng kaginhawahan.

Masasabi ko bang hindi ako mabubuhay kung walang sayaw? Kung wala ang ibinigay sa akin nitong kakayahang makapagpahayag? Kung wala ang kumpiyansyang natagpuan ko rito upang malagpasan ang mga pangamba, upang maiwasan ang mga hangganan?

Salamat sa sayaw, nakalubog sa kariktan at sa masalimuot na mundo, naging mamamayan ako. Isang kakaibang mamamayang muling nag-iimbento ng mga alituntuning panlipunan sa pagdatal ng kanyang mga enggkuwentro, nanatiling wagas sa mga pagpapahalaga ng kulturang hip-hop na nagpapabago ng anyo ng negatibong enerhiya tungo sa isang positibong puwersa.

Karangalan ko ang mabuhay at huminga sa sayaw araw-araw. Ngunit nabubuhay ako sa karangalang ito nang may pagmamalasakit. Nasasaksihan ko sa aking paligid ang paglaho ng tikas at ng kakayahan ng ilang mga kabataang nabibilang sa uring manggagawa, lumalaki sa pagkabahala at pagkasiphayo, sa pag-iisip ng kanilang kinabukasan. Kaisa nila ako; nating lahat. Determinado ako, marahil nang higit kaysa sa iba, sa pamamagitan ng pagiging huwaran, upang tulungan silang paigtingin ang kanilang marubdob na kagustuhan sa buhay.

Hindi nga ba't higit na mariwasa ang lipunan sa kayamanan ng bawa't isa sa atin?

Higit kaysa sa anumang diskurso, nakapagpapabuklod ang kultura. Kaya magkaroon ng tapang at makipagsapalaran sa gitna ng mga balakid at mga pagkamuhing tiyak na iyong makahaharap; ang kariktan ng mundo ay magiging katabi mo palagi. Katulad ng ginawa ng sayaw sa akin. Sa pamamagitan ng malakas na puwersa upang maiwaksi ang mga panlipunan at etnikong katangian, umaalis ngunit ang mga kilos ng katawan sa kanilang mga diwa, ng mga taong bumabalik sa kanilang dalisay na pagpapahayag, kakaiba at ibinabahagi.

Nais kong magwakas sa pamamagitan ng pagbanggit ng mga sinabi ni René Char na nagpapaalaala sa akin araw-araw na huwag hayaang ikulong tayo ng iba sa mga idinidiktang papel sa buhay.

“Igiit ang inyong suwerte, kumapit sa inyong magandang kapalaran, at humandang makipagsapalaran. Pinapanood kayo, masasanay rin sila.”

Kaya subukin, mabigo, magsimulang muli ngunit higit sa lahat, sayaw, huwag huminto sa pagsayaw!

Translation: Arthur Casanova, ITI Philippines